ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 3| March 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# PRAKTIKAL AT EKPERYENSIYAL NA PAGTATAYA SA MGA GAWAIN SA PAGKATUTO SA FILIPINO SA PILING LARANG AKADEMIKO: BATAYAN SA PAGBUO NG INTERVENTION PLAN

**Ferrer, Sarah Jane A.[1] , at Nuera, Rosette E.[2]**
[1]*Student Researcher, National Teachers College, Manila, Philippines*
[1]*Faculty Teacher, Pamantasan ng Cabuyao, Laguna, Philippines*
[2]*Research Adviser and Faculty Teacher, National Teachers College, Manila, Philippines*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra20594
**DOI No: 10.36713/epra20594**

**ABSTRAK**

*Ang pananaliksik na ito ay naglalayong suriin ang praktikal at eksperyensiyal na pagtataya sa mga gawain sa pagkatuto sa Filipino sa Piling Larang-Akademiko ng mga mag-aaral mula sa strand ng Humanities and Social Sciences (HUMSS) sa taong panuruan 2024-2025. Ang pananaliksik na ito ay nagbibigay ng mahalagang kontribusyon sa pagpapabuti ng pagtuturo at pagkatuto ng Filipino sa piling larang akademiko. Gamit ang deskriptibo-analitikong disenyo ng pananaliksik, sinuri ang mga indibidwal at pangkatang gawain ng mga mag-aaral, pati na rin ang kanilang pagtataya sa mga aspeto ng pagsusuri, disenyo, pagpapaunlad, implementasyon, at pagtataya ng mga gawain. Ang mga datos ay nakalap mula sa 258 mag-aaral ng HUMSS strand sa CITI Global College-SHS Department gamit ang sarbey-kwestyoner na sumailalim sa balidasyon ng mga eksperto. Ipinakita ng resulta na ang mga mag-aaral ay mahusay na naisagawa ang mga praktikal at eksperyensiyal na gawain, ngunit may mga aspeto pa ring nangangailangan ng pagpapabuti, partikular sa kolaborasyon at kritikal na pagsusuri. Ang mga natuklasan ay nagbigay-daan sa pagbuo ng isang komprehensibong intervention plan na naglalayong palakasin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsusulat, pagsusuri, at malikhaing pag- iisip gamit ang wikang Filipino.*

**MGA SUSING SALITA:** *Praktikal na Pagtataya, Eksperyensiyal na Pagkatuto, Filipino sa Piling Larang-Akademiko, Intervention Plan sa Edukasyon, Pagtuturo ng Filipino*

## 1. INTRODUKSYON

Ang edukasyon ay isang tulay na nag-uugnay sa teorya at praktika, at ang wika ay isang mahalagang kasangkapan sa prosesong ito. Sa konteksto ng pagtuturo ng Filipino sa piling larang akademiko, mahalaga ang paglinang ng mga kasanayan sa wika upang maihanda ang mga mag-aaral sa mga hamon ng akademikong mundo at kanilang napiling propesyon. Ang pananaliksik na ito ay naglalayong suriin ang mga kasalukuyang gawain sa pagkatuto ng Filipino sa strand ng Humanities and Social Sciences (HUMSS) at tukuyin ang mga kahinaan at kakulangan na maaaring makaapekto sa kanilang pag-unlad bilang mga propesyonal.

Ang Filipino sa piling larang akademiko bilang asignatura ay hindi lamang isang akademikong paksa kundi isang mahalagang bahagi ng pagkakakilanlan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng wika, naipapahayag nila ang kanilang mga ideya, nadaragdagan ang kanilang kaalaman, at naipapakita ang kanilang kakayahan sa iba't ibang larangan. Gayunpaman, natuklasan ng pananaliksik na marami pa ring mag-aaral ang nahihirapan sa pagsusulat at iba pang makrong kasanayan, na nagiging hadlang sa kanilang tagumpay sa akademiko at propesyonal na aspeto.

Ang mga praktikal at eksperyensiyal na gawain ay mahalagang bahagi ng proseso ng pagkatuto. Sa pamamagitan ng mga aktibidad tulad ng pagsulat ng bionote, sintesis, panukalang proyekto, katitikan ng pulong, mga pangkatang gawain, at iba pang hands-on na aktibidad, nagkakaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na mailapat ang kanilang natutunan sa mga tunay na sitwasyon. Ang mga ganitong gawain ay hindi lamang nagpapalakas ng kanilang kasanayan sa wika kundi nagpapalalim din ng kanilang pag-unawa sa kulturang Filipino at pagpapahalaga sa kanilang pagkakakilanlan bilang Pilipino.

Gayunpaman, ang pagtataya sa mga resulta ng pagkatuto mula sa mga praktikal at eksperyensiyal na gawain ay nagpakita ng mga hamon. Kinakailangan ang masusing pagsusuri at makabagong pamamaraan upang matiyak na ang mga pagtataya ay tumpak at makabuluhan. Ang mga hamong ito ay nagbigay-daan sa pananaliksik na ito upang magmungkahi ng mga interbensyon na maaaring makatulong sa pagpapabuti ng mga kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 3| March 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Ang pagsusuri ng kaugnay na literatura ay nagbigay-liwanag sa kahalagahan ng praktikal at eksperyensiyal na pagkatuto. Ayon kina Garcia at Reyes (2020), ang mga hands-on na aktibidad ay nagtataguyod ng mas malalim na pag-unawa at kritikal na pag-iisip. Samantala, binigyang-diin nina Smith at Johnson (2018) ang papel ng experiential learning sa pagpapabuti ng pakikilahok ng mag-aaral at tagumpay sa akademiko. Ang mga natuklasang ito ay nagsilbing pundasyon para sa mga iminungkahing interbensyon sa pag-aaral.

Ang mga guro ay may mahalagang papel sa pagtataguyod ng kalidad ng edukasyon. Ayon kay Manny (2019), ang mga guro ay hindi lamang dapat magturo ng kaalaman kundi magbigay din ng inspirasyon at motibasyon sa kanilang mga mag-aaral. Sa konteksto ng Filipino, mahalaga ang paggamit ng epektibong mga estratehiya sa pagtataya tulad ng role-playing, performance-based assessments, at iba pang makabagong pamamaraan upang matiyak na ang mga mag-aaral ay natututo nang epektibo.

Ang mga natuklasan nina Black at Wiliam (2018) at Lee et al. (2020) ay nagbigay-diin sa kahalagahan ng iba't ibang estratehiya sa pagtataya, kabilang ang project-based at digital assessments, sa pagpapahusay ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang mga pamamaraang ito ay nagtataguyod ng kolaborasyon, analitikal na pag-iisip, at kasanayan sa paglutas ng problema, na umaayon sa layunin ng pananaliksik na mapabuti ang pagtuturo ng Filipino sa strand ng HUMSS.

Ang intervention plan na iminungkahi sa pananaliksik ay nakabatay sa sistematikong mga pamamaraan upang matugunan ang partikular na pangangailangan ng mga mag-aaral at guro. Ayon sa mga pananaliksik mula sa *Educational Psychology Review* (2022) at *Frontiers in Psychology* (2020), binibigyang-diin ng plano ang kooperatibong pagkatuto, personalized na interbensyon, at mga estratehiyang nakatuon sa motibasyon upang mapalakas ang pakikilahok at resulta ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ginamit ng pananaliksik ang modelo ng ADDIE (Analysis, Design, Development, Implementation, Evaluation) bilang balangkas para sa intervention plan. Ayon kina Adriani et al. (2020) at Situmeang et al. (2020), ang modelo ng ADDIE ay epektibo sa pagbuo ng mga materyales sa pagtuturo at mga interaktibong estratehiya sa pagkatuto. Ang sistematikong proseso ng modelo ay nakatulong upang maayon ang mga pamamaraan ng pagtuturo sa mga pangangailangan ng mag-aaral, na nagtataguyod ng aktibong pakikilahok at mas mataas na resulta ng pagkatuto.





**Figura 1. ADDIE Learning Model (Branch 2009, as cited in Peterson et al., 2022)**

Ang ADDIE Model ay isang sistematikong balangkas na ginagamit sa disenyo ng pagtuturo upang matiyak ang maayos na paglikha at implementasyon ng mga programang pang-edukasyon. Binubuo ito ng limang yugto: pagsusuri (analyze), disenyo (design), pag-unlad (develop), implementasyon (implement), at pagtataya (evaluation). Ang bawat yugto ay isinasagawa nang sunod-sunod at maingat na sinusuri upang matiyak ang tagumpay ng programa. Sa yugto ng pagsusuri, tinutukoy ang mga pangangailangan, layunin, at konteksto ng mga mag-aaral. Sa disenyo, binubuo ang balangkas ng mga aralin at estratehiya sa paghahatid ng kaalaman, tulad ng online o offline na pamamaraan. Ang pag-unlad ay nakatuon sa paggawa ng mga materyales at kagamitan sa pagkatuto, habang ang implementasyon ay sumasaklaw sa aktwal na pagsubok ng mga disenyo at kahandaan ng guro at mag-aaral. Sa pagtataya, sinusuri ang bisa ng programa at ang mga aspeto na kailangang pagbutihin. Ang ADDIE Model ay nagbibigay ng istrukturadong proseso na maaaring ulit-ulitin upang mapabuti ang disenyo at implementasyon ng kurso, na nakatuon sa pagtugon sa mga layunin at pangangailangan ng mga mag-aaral.

Sa pananaliksik na ito, ang ADDIE Model ang naging teoretikal na balangkas na ginamit upang masuri at mapabuti ang mga praktikal at eksperyensiyal na gawain sa pagkatuto ng Filipino sa Piling Larang-Akademiko. Sa yugto ng pagsusuri, natukoy ang mga kahinaan at pangangailangan ng mga mag-aaral mula sa HUMSS strand, na nagsilbing batayan sa pagbuo ng mga layunin ng mga gawain. Ang disenyo ay nakatuon sa paglikha ng mga aktibidad na naglalayong palawakin ang kasanayan sa pagsusuri, pagsulat, at malikhaing pag-iisip. Sa pag-unlad, masusing binuo ang mga materyales at aktibidad na tumutugon sa mga layunin ng pag-aaral. Ang implementasyon ay nagbigay-daan sa aktwal na pagsasagawa ng mga gawain, habang ang pagtataya ay nakatuon sa pagsusuri ng bisa at epektibong aplikasyon ng mga gawain sa pagkatuto. Ang balangkas na ito ay nagbigay ng malinaw na direksyon sa pananaliksik, na nagresulta sa mataas na antas ng pagganap ng mga mag-aaral. Ang mga natuklasan ay nagbigay-daan sa pagbuo ng isang komprehensibong intervention plan na naglalayong higit pang mapabuti ang kalidad ng pagkatuto sa Filipino sa Piling Larang-Akademiko.

Sa kabuuan, ang pananaliksik na ito ay isinagawa upang matugunan ang mga hamon sa pagtuturo ng Filipino sa piling larang akademiko sa strand ng HUMSS. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga praktikal

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 3| March 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

at eksperyensiyal na gawain, layunin ng pag-aaral na makabuo ng isang intervention plan na magpapabuti sa mga kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang pamagat na *"Praktikal at Ekperyensiyal na Pagtataya sa mga Gawain sa Pagkatuto sa Filipino sa Piling Larang Akademiko: Batayan sa Pagbuo ng Intervention Plan"* ay sumasalamin sa layunin ng pananaliksik na ito—ang magbigay ng makabuluhang kontribusyon sa pagpapabuti ng edukasyon at pagkatuto sa Filipino.

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pag-aaral na ito ay naglayong talakayin at malaman ang praktikal at eksperyensiyal na pagtataya sa mga gawain sa pagkatuto sa Filipino sa Piling Larang-Akademik sa mga estudyante mula Humanities and Social Sciences strand taong panuruan 2024-2025: batayan sa pagbuo ng intervention plan.

Ito ay naglayong sagutin ang mga sumusunod na suliranin:

1. Ano ang grado sa Filipino sa Piling Larang Akademiko propayl ng mga estudyante mula sa HUMSS strand?
2. Ano ang pagtataya ng mga estudyante mula sa HUMSS strand sa praktikal na mga gawain sa pagkatuto sa Filipino sa Piling Larang Akademiko batay sa:
   - 2.1. indibidwal na gawain
   - 2.2. pangkatang-gawain
3. Ano ang pagtataya ng mga estudyante mula sa HUMSS strand sa eksperyensiyal na mga gawain sa pagkatuto sa Filipino sa Piling Larang Akademiko batay sa:
   - 3.1. pagsusuri (analysis)
   - 3.2. disenyo (design)
   - 3.3. pagpapaunlad (development)
   - 3.4. implementasyon (implementation)
   - 3.5. pagtataya (evaluation)
4. May signipikong pagkakaiba ba ang pagtataya ng mga estudyante mula sa HUMSS strand sa praktikal na mga gawain sa pagkatuto sa Filipino sa Piling Larang Akademiko kapag ipinangkat batay sa grado sa Filipino sa Piling Larang Akademiko propayl ng mga estudyante?
5. May signipikong pagkakaiba ba ang pagtataya ng mga estudyante mula sa HUMSS strand sa eksperyensiyal na mga gawain sa sa pagkatuto sa Filipino sa Piling Larang Akademiko kapag ipinangkat batay sa grado sa Filipino sa Piling Larang Akademiko propayl ng mga estudyante?
6. May signipikong kaugnayan ba ang pagtataya ng mga estudyante mula sa HUMSS strand sa praktikal at eksperyensiyal na mga gawain sa pagkatuto sa Filipino sa Piling Larang Akademiko?
7. Batay sa resulta, Ano ang planong interbensyon ang nagawa sa asignaturang Filipino sa Piling Larang Akademiko.

## 2. METODOLOHIYA

### 2.1. Disenyo ng Pananaliksik

Sa pag-aaral na ito gagamit ang mananaliksik ng isang deskriptibong pamamaraan ng ugnayan upang magtipon ng impormasyon ukol sa kasalukuyang kalagayan ng sitwasyon. Ginamit ang paraang ito upang ilarawan ang kalikasan ng isang sitwasyon kung paano ito umiiral sa oras ng pag-aaral at upang siyasatin ang sanhi ng ilang mga phenomena. Dahil sa intensyon ng mananaliksik na makakuha ng first-hand na impormasyon mula sa mga respondente upang makagawa ng lohikal na konklusyon at makagawa ng mga rekomendasyon para sa pag-aaral. (Escanilla, 2018)

Ayon sa aklat na "Essentials of Research Design and Methodology" ni Geoffrey Marczyk et al. sa disenyo ng ugnayang pananaliksik, ang layunin ay matukoy kung ang dalawa o higit pang mga variable ay magkaugnay. Ang "mga variable" ay isang termino na dapat na tandaan. Ang variable ay anumang bagay na tumagal sa iba't ibang mga halaga, tulad ng timbang, oras, at taas. Sa pag-aaral na ito, sinubukan ang antas ng implementasyon ng buwanang gawain at antas ng kawilihan sa buwanang gawain na kaakibat ng kanilang panlipunang emosyonal na pagkatuto kung sila ay may relasyon sa isa't isa, at ang sinukat na relasyon ng dalawang baryabol ay gagamitin upang gumawa ng hypothesis at upang malutas ang mga suliranin at isyu na humantong sa isang social emotional learning plan.

Ang deskriptibong pamamaraan ng pananaliksik ay isang epektibong paraan upang maunawaan at ilarawan ang kasalukuyang kalagayan ng mga estudyante mula sa strand ng Humanities and Social Sciences sa kanilang pagkatuto sa Filipino. Sa pamamagitan ng pagkuha ng mga datos mula sa mga pagsusulit, mga survey maaari nating maipinta ang isang malinaw na larawan ng kanilang mga kahinaan at kalakasan, pati na rin ang mga suliranin na kanilang kinakaharap. Kapag naipatupad na ang praktikal at eksperyensiyal na pagtataya, maaari nating gamitin ang deskriptibong pamamaraan upang ilarawan kung paano ito nakaimpluwensya sa kanilang pagkatuto. Sa pamamagitan ng pangangalap ng mga datos bago at pagkatapos ng pagpatupad ng praktikal at eksperyensiyal na pagtataya, maaari nating masuri kung paano ito nakaimpluwensya sa kanilang pagkatuto.

Sa huli, batay sa mga natuklasan sa pananaliksik, maaari tayong bumuo ng isang intervention plan na naglayong mapabuti ang pagkatuto sa Filipino ng mga estudyante. Ang deskriptibong pamamaraan ay nagamit upang ilarawan kung paano ito ipatupad at kung ano ang inaasahang mga resulta. Sa kabuuan, ang deskriptibong pamamaraan ng pananaliksik ay isang mahalagang kasangkapan upang maunawaan at mapabuti ang pagkatuto sa Filipino ng estudyante mula sa Humanities and Social Sciences strand.

### 2.2. Populasyon at Sampling

Ang mananaliksik ay gumamit ng simple random sampling technique sa pag-aaral na ito upang matukoy ang mga piling estudyante sa senior high school. Ito ay isang uri ng probability sampling kung saan random na pinili ang mananaliksik ang isang subset ng mga kalahok mula sa isang populasyon (Thomas, 2020). Ang bawat kasapi ng populasyon ay mayroong pantay na oportunidad na mapili. Ginagawa ito sa pamamagitan ng pag-ayos ng populasyon ayon sa isang tiyak na tuntunin. Ang bawat elemento ay binilang at ang isang sample ay kinuha sa pamamagitan ng iba't ibang mga randomizing na prinsipyo. Pumilii ang mananaliksik ng mga respondente sa loob ng kabuuang sukat ng populasyon ng mga estudyante mula sa Ika-12 Baitang mula sa strand na Humanities and Social Sciences (HUMSS) sa CITI Global College Inc 776 na estudyante at sa pamamagitan ng sample

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 3| March 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

size na 258 na estudyante ay gagawing randomize gamit ang simple random sampling technique.

**2.3. Tagatugon sa Pag-aaral**
Ang talahanayan 1 ay naglahad ng sample size ng mga respondente ng pag-aaral ay natukoy gamit ang Raosoft calculator na may 5% margin of error, mula pitong daan at pitongpu't anim (776) na Ika-12 Baitang mula sa Humanities and Social Sciences strand sa CITI Global College Inc. na ay naka-enrol sa School Year 2024- 2025, dalawang daan limangpu't walo (258) ang sample size ng pag-aaral.

**2.4. Kasangkapan sa Pananaliksik**
Ang mananaliksik ay gumawa ng sarbey na talatanungan upang makalikom ng lahat ng impormasyon ng mga respondente. Tinukoy ni Polit at Hungler (1997:466) ang talatanungan bilang "isang paraan ng pangangalap ng impormasyon mula sa mga respondente tungkol sa mga saloobin, kaalaman, paniniwala, at damdamin." Ang talatanungan ay naglaman ng praktikal at eksperyensiyal na mga gawain sa pagkatuto sa Filipino sa Piling Larang Akademiko sa mga estudyante mula sa HUMSS strand taong panuruan 2024– 2025.

Ang mga mananaliksik ay sumangguni sa ilang mga taong may kaalaman at hindi nailathala ang mga tesis bilang batayan kung paano bumalangkas ng isang talatanungan, na ginamit bilang pangunahing instrumento ng pananaliksik upang makabuo ng empirical na datos para sa pag-aaral. Ang talatanungan ay naglaman ng mga tanong na nauugnay sa pag-aaral na sumasagot sa mga tiyak na katanungan sa pahayag ng problema.

Ang unang bahagi ng talatanungan ay ang demograpikong propayl ng mga estudyante sa HUMSS strand CITI Global College Inc. batay sa kasarian, at grado sa Filipino sa Piling Larang. Layunin ng mga mananaliksik na malaman ang pagtataya ng mga estudyante mula sa HUMSS strand sa praktikal na mga gawain sa pagkatuto sa Filipino sa Piling Larang at pagtataya ng mga estudyante mula sa HUMSS strand sa eksperyensiyal na mga gawain sa pagkatuto sa Filipino sa piling larang sa ikalawa at ikatlong bahagi ng talatanungan ayon sa pagkabanggit. Gamit ang sumusunod na 4-point liker scale.

**Talahanayan 1. Scale at Interpretasyon ng Praktikal na Gawain**

| Scale | Questionnaire | Interpretation | Range Scale |
|---|---|---|---|
| 1 | Lubhang Hindi Sang-ayon | Lubhang Hindi Naisagawa | 1.00 to 1.75 |
| 2 | Hindi Gaanong Sang-ayon | Hindi Gaanong Naisagawa | 1.76 to 2.50 |
| 3 | Sang-ayon | Naisagawa | 2.51 to 3.25 |
| 4 | Lubhang Sang-ayon | Mahusay na Naisagawa | 3.26 to 4.00 |

**Talahanayan 2. Scale at Interpretation ng Eksperyensiyal na Gawain**

| Scale | Questionnaire | Interpretation | Range Scale |
|---|---|---|---|
| 1 | Lubhang Hindi Sang-ayon | Lubos na Hindi Naranasan | 1.00 to 1.75 |
| 2 | Hindi Gaanong Sang-ayon | Hindi Gaanong Naranasan | 1.76 to 2.50 |
| 3 | Sang-ayon | Naranasan | 2.51 to 3.25 |
| 4 | Lubhang Sang-ayon | Lubos na Naranasan | 3.26 to 4.00 |

Ang mananaliksik ay naghanda ng liham para sa mga balidador ng kanyang instrumento o sarbey kwestyoner at ito ay ipinasuri sa kanyang tagapayo upang mabigyan ng pagpapatibay. Matapos ito, naghanap ang mananaliksik ng mga dalubhasa sa asignaturang Filipino, dalubhasa sa komunikasyon at pananaliksik. Ang unang balidador ay ulong guro mula sa Dibisyon ng Cabuyao ang kanyang komento sa aking sarbey kwestyoner ay palitan ang mga salita batay sa aspekto ng pandiwa mula sa tuwirang nagaganap tungo sa nagpapahiwatig ng kakayahan o posibilidad na maganap ang kilos matapos kong marinig ang kanyang sinambit na pahayag agad kong nirebisa ang aking talatanungan may iilan na nabago batay sa komento niya mula sa napapaunlad naging nakakapagpapa-unlad, napahuhusay naging nagpapahusay at ang ibang pang tanong sa aking sarbey kwestyoner ay aking binago at ipinakita ko muli ito sa kaniya at pinagtibay niya ito. Ang ikalawang balidador ay Assistant Professor IV sa Pamantasan ng Cabuyao ang kanyang komento ay ang talatanungan ay komprehensibo at detalyado batay sa kanyang pahayag. Ang ikatlong balidador ay Pangalawang Pangulo para sa pananaliksik at pagpapalawig na nagmula sa Kolehiyo ng Dasmariñas batay sa kanyang suhestyon ay maaaring magdagdag ng mga kwalitatibong tanong upang lubos na maunawaan ang eskperisyensyal na aspeto ngunit ang pananaliksik na ito ay kwantitabo kaya't ang mananaliksik ay napagdesisyunan na huwag ng ilapat ang kanyang suhestyon.

Batay sa mga natanggap na suhestiyon mula sa mga balidador, ang instrumento ay muling nirebisa upang matugunan ang kanilang mga rekomendasyon. Ang mga pagbagong ginawa ay nagresulta sa mas maayos at epektibong instrumento, na napagtibay ng mga balidador. Bilang bahagi ng proseso, gumawa rin ang mananaliksik ng buod ng mga komento at suhestiyon ng mga dalubhasa upang maging batayan sa karagdagang pagsusuri.

Matapos ang balidasyon, ang mananaliksik ay nagsagawa rin ng pilot testing sa piling tatlumpung (30) senior high school students mula sa CITI Global College Inc. na kumukuha ng strand na Science, Technology, Engineering and Mathematics strand na hindi naging bahagi ng pag-aaral bilang balidasyon upang masukat ang antas ng pagiging maaasahan ng bawat tanong kung ito ay katanggap-tanggap o hindi sa pamamagitan ng paggamit ng Resulta ng Cronbach Alpha.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 3| March 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 3. Test of Reliability Result**

| Summary Result | Cronbach's Alpha Result | Degree of Reliability |
|---|---|---|
| Indibidwal na Gawain | 0.758 | Acceptable |
| Pangkatang Gawain | 0.741 | Acceptable |
| Pagsusuri | 0.746 | Acceptable |
| Disenyo | 0.787 | Acceptable |
| Pagpapaunlad | 0.852 | Good |
| Implementasyon | 0.809 | Acceptable |
| Pagtataya | 0.774 | Acceptable |

*Legend for Cronbach Alpha value (Konting et al., 2009): 0.01 to 0.50 Unacceptable; 0.51 to 0.60 Poor; 0.61 to 0.70 Questionable; 0.71 to 0.80 Acceptable; 0.81 to 0.90 Good; and 0.91 to 1.00 Excellent*

**2.4. Paraan sa Pangangalap ng Datos**

Ang mananaliksik ay hiningi ng pahintulot at pag-apruba mula sa mga administrador ng paaralan mula sa CITI Global College Inc- partikular sa pangulo ng paaralan para sa pagpaplano ng pananaliksik at pagpapalawig at sa punong-guro ng Senior High School. Dahil bibigyan ng pahintulot na obserbahan ang mga programang isinasaalang-alang para sa mga estudyante ng Senior High School, ang mananaliksik ay nagpapatuloy sa pangangasiwa ng mga self-made survey questionnaire sa mga estudyante ng Senior High School. Ang bawat miyembro ay binigyan ng hiwalay na talatanungan.

Ang mananaliksik ay personal na naghanda at nagsagawa ng survey questionnaire checklist at isang self-made test at kinolekta ito sa parehong araw. Bago ibigay ang talatanungan, nagbigay ng panuto ang mananaliksik sa mga respondente kung paano sagutan ang checklist questionnaire at ang self-made na pagsusulit. Bukod pa riyan, tiniyak ng mga mananaliksik sa mga respondente na mahigpit na natiling kumpidensyal ang kanilang mga sagot. Ang mga resulta ng tseklist ay sinuri at binigyang-kahulugan upang matiyak ang bisa at maaasahan na mga aytem.

## 3. RESULTA AT TALAKAYAN

**Talahanayan 4. Resulta sa pagtataya ng mga estudyante mula sa HUMSS strand sa praktikal na mga gawain sa pagkatuto sa Filipino sa Piling Larang Akademiko batay sa indibidwal na gawain**

| **Indibidwal na Gawain**<br>Ang individual na gawain sa Filipino sa Piling Larang -Akademik ay .. | Weighted Mean | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 1. Nakapagpapaunlad sa aking kasanayan sa pagsulat. | 3.47 | 0.58 | Mahusay na Naisagawa |
| 2. Nagpapabuti sa aking pang-unawa at kakayahang mag-isip nang malalim. | 3.44 | 0.61 | Mahusay na Naisagawa |
| 3. Tumutulong sa akin na mapalawak ang aking mga kasanayan sa wika. | 3.50 | 0.66 | Mahusay na Naisagawa |
| 4. Nagpapahusay ang aking kasanayan sa pagsasalita. | 3.38 | 0.67 | Mahusay na Naisagawa |
| 5. Nagbibigay kakayahan sa akin na makapagsuri at maunawaan ang nilalaman ng teksto. | 3.41 | 0.60 | Mahusay na Naisagawa |
| 6. Nagbibigay sa akin ng oportunidad na maging malikhain at mag-isip ng mga orihinal na ideya. | 3.35 | 0.68 | Mahusay na Naisagawa |
| 7. Nagbibigay sa akin ng mga kasanayang kinakailangan upang suriin at unawain ang mga teksto. | 3.35 | 0.69 | Mahusay na Naisagawa |
| 8. Nagbigay tulong sa akin na matapos ko ang mga gawain sa takdang oras. | 3.16 | 0.71 | Naisagawa |
| 9. Naging daan upang magkaroon ng sapat na panahon upang mag-isip at magplano ng mga angkop na sagot at tugon sa mga gawain. | 3.25 | 0.67 | Naisagawa |
| 10. Nagpa-unlad sa aking pang-unawa ukol sa kultura at pamana ng mga Filipino sa pamamagitan ng indbidwal na gawain. | 3.35 | 0.69 | Mahusay na Naisagawa |
| **Average Weighted Mean** | **3.37** | **0.43** | **Mahusay na Naisagawa** |

Ang numerong 3.37 na may standard deviation na ±0.43 ay nagpapatunay na ang mga estudyante mula sa HUMSS strand ay mahusay na naisagawa ang kanilang mga indibidwal na gawain, at may indikasyon ng mataas na kalidad sa kanilang pagsasagawa ng mga praktikal na gawain sa Filipino sa Piling Larang Akademiko. Ang resultang ito ay nagpapakita ng kanilang mahusay na kasanayan at pag-unawa sa mga konseptong itinuturo sa kursong ito, ngunit maaari pa rin itong magbigay daan sa mga aspeto na maaaring mapabuti upang makamtan ang pinakamataas na antas ng performance.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 3| March 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Batay sa pag-aaral nina Garcia at Reyes (2020) Ang kahalagahan ng praktikal at eksperiyensyal na gawain sa pagkatuto ay nagbibigay ng mga benepisyo ng aktibong pagsasagawa ng mga gawain tulad ng pagbuo ng kasanayan, pagtatalos sa konsepto, at pagpapaunlad ng mga kritikal na kakayahan. Ang karanasan sa ating buhay ay napakahalaga hindi lahat ng kaalaman at kasanayan ay nakasulat lamang sa aklat makukuha bagkus matututunan din ito sa karanasan.

**Talahanayan 5. Resulta sa pagtataya ng mga estudyante mula sa HUMSS strand sa praktikal na mga gawain sa pagkatuto sa Filipino sa Piling Larang Akademiko batay sa pangkatang-gawain**

| **Pangkatang Gawain**<br>Ang pangkatang gawain sa Filipino sa Piling Larang-Akademik ay... | **Weighted Mean** | **SD** | **Interpretasyon** |
|---|---|---|---|
| 1. Nagpapakita ng kooperasyon at pagtutulungan. | 3.34 | 0.71 | Mahusay na Naisagawa |
| 2. Nagbibigay ng mas interaktibo at nakaka-engganyong kapaligiran sa pag-aaral . | 3.31 | 0.68 | Mahusay na Naisagawa |
| 3. Nagbibigay ng pagkakataong ipaunawa sa bawat miyembro ng pangkat na bawat isa'y may perspektibong nararapat pakinggan. | 3.36 | 0.69 | Mahusay na Naisagawa |
| 4. Nagbibigay ng mga pagkakataon upang masanay at mapabuti ang aking mga kasanayan sa pakikipagtalastasan sa pamamagitan ng iba't ibang mga gawaing pangkatan. | 3.32 | 0.73 | Mahusay na Naisagawa |
| 5. Nakapagtataguyod ng pagkakaroon ng samahan at pagkakaibigan sa pagitan ng aking mga kaklase. | 3.31 | 0.76 | Mahusay na Naisagawa |
| 6. Nagpakilala sa akin sa iba't ibang pamamaraan at estratehiya sa pagsusuri ng mga teksto. | 3.28 | 0.69 | Mahusay na Naisagawa |
| 7. Nagpapalawak ng aking mga kasanayan sa pamumuno at paglutas ng mga suliranin. | 3.23 | 0.75 | Naisagawa |
| 8. Nagpapalakas ng aking kakayahang makipag-ugnayan at makipag-usap sa iba. | 3.33 | 0.75 | Mahusay na Naisagawa |
| 9. Nagbibigay sa akin ng oportunidad na matuto mula sa mga karanasan at mga ideya ng aking mga kaklase. | 3.35 | 0.72 | Mahusay na Naisagawa |
| 10. Ang mga pangkatang gawain ay nagpapahintulot sa akin na maipakita ang aking kakayahang mag-ambag sa isang pangkat. | 3.38 | 0.73 | Mahusay na Naisagawa |
| **Average Weighted Mean** | **3.32** | **0.51** | **Mahusay na Naisagawa** |

Ang resulta ng 3.32 na may standard deviation na ±0.51 ay nagpapahiwatig ng positibong pagtataya sa kanilang kakayahan sa pagtutulungan at pagpapakita ng kasanayan sa pangkat. Habang ang score ay hindi pa umaabot sa pinakamataas na antas ng "napakahusay na naisagawa," ang numerong ito ay nagpapakita ng malakas na indikasyon ng tagumpay at kahusayan sa paggawa ng mga gawain sa loob ng pangkat. Gayundin, maaring ipalagay na ang mga estudyante ay may mahusay na pag-unawa at kasanayan sa pagganap ng mga gawain sa konteksto ng kanilang kolektibong pagsusumikap.

Batay sa pag-aaral nina Smith & Johnson (2018) ang epekto ng experiential learning sa pakipag-ugnayan ng estudyante, akademikong tagumpay, at pagpanatili sa mas mataas na edukasyon. Sinaliksik nito ang iba't ibang diskarte sa pag-aaral ng karanasan at epekto nito sa pagtatamo ng estudyante. Ang eksperyensiyal na gawain sa pagkatuto ay isang epektibong paraan upang mapagaan ang gawain ang mga tao na matukoy ang mga pagbabagong kinakailangan sa kanilang mga kasanayan, saloobin at pag-uugali, saka isakatuparan ang mga pagbabagong iyon para sa mas mahusay na pagganap

**Talahanayan 4. Resulta sa pagtataya ng mga estudyante mula sa HUMSS strand sa eksperyensiyal na mga gawain sa pagkatuto sa Filipino sa Piling Larang Akademiko batay sa Pagsusuri (analysis)**

| **Pagsusuri**<br>Ang gawaing pagsusuri sa Filipino sa Piling Larang-Akademik ay… | **Weighted Mean** | **SD** | **Interpretasyon** |
|---|---|---|---|
| 1. Malinaw na naipaliliwanag ang mga layunin ng mga gawain sa Filipino. | 3.44 | 0.63 | Lubos na Naranasan |
| 2. Ang mga gawain sa Filipino ay angkop sa aking antas, kaalaman, at kakayahan. | 3.37 | 0.62 | Lubos na Naranasan |
| 3. Nagsasaalang-alang sa pangangailangan ng mga mag-aaral upang maisagawa ang mga itinakdang gawain ng mga mag-aaral. | 3.25 | 0.61 | Naranasan |
| 4. May mga layuning tumugon sa pagkatuto sa Filipino. | 3.33 | 0.66 | Lubos na Naranasan |
| 5. Sumasalamin sa aking interes ang mga gawain. | 3.23 | 0.69 | Naranasan |
| 6. Ang mga layunin ng mga gawain ay nauugnay sa aking mga karanasan sa pag-aaral. | 3.28 | 0.67 | Lubos na Naranasan |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 7. Naglalaman ng mga tanong na naayon sa layunin ng pag-aaral. | 3.37 | 0.62 | Lubos na Naranasan |
| 8. Naglalaman ng malalim na pag-unawa sa mga paksa. | 3.33 | 0.64 | Lubos na Naranasan |
| 9. Ang mga layunin ng mga gawain ay napapanahon at naaayon sa konteksto ng kasalukuyang edukasyon. | 3.38 | 0.64 | Lubos na Naranasan |
| 10. May layuning naglalayong mapabuti ang aking mga kasanayan sa Filipino. | 3.39 | 0.68 | Lubos na Naranasan |
| **Average Weighted Mean** | **3.34** | **0.44** | **Lubos na Naranasan** |

Ang score na 3.34 na may standard deviation na ±0.44 ay nagpapakita na ang mga estudyante ay "lubos na naranasan" ang mga gawain, na nangangahulugang sila ay may malalim at komprehensibong pag-unawa at kakayahang magsuri ng mga materyal, ideya, o konsepto sa kursong ito. Ang kanilang pagsusuri ay nagpapakita ng mataas na antas ng kasanayan at pag-unawa sa mga paksa at isyung kanilang tinatalakay. Ang resulta ng grand mean na ito ay nagmumungkahi na ang mga estudyante ay nakatamo ng higit sa karaniwang antas ng karanasan at nakapagbigay ng masusing pagsusuri sa mga eksperyensiyal na gawain, na isang indikasyon ng mahusay nilang pagganap at pag-unawa sa mga aspeto ng Filipino sa Piling Larang Akademiko.

Batay sa pag-aaral nina Gonzales et al. (2019) May mga iba't ibang pamamaraan ng eksperiyensyal na pagkatuto. Layon nito ang magbigay ng pagsusuri sa mga pamamaraan tulad ng hands-on activities, field trips, at iba pang mga karanasan na nagbigay ng malalim na pag-unawa at kaalaman. May mga aralin sa Filipino sa Piling Larang Akademiko na nagpapakita ng karanasan ng mga estudyante tulad ng pag-akda ng lakbay sanaysay, isang sulatin na naglalaman ng mga karansang ng napuntahang lugar at naglalaman ng realidad ng buhay

**Talahanayan 5. Resulta sa pagtataya ng mga estudyante mula sa HUMSS strand sa eksperyensiyal na mga gawain sa pagkatuto sa Filipino sa Piling Larang Akademiko batay sa Disenyo (design)**

| **Disenyo**<br>Ang disenyo ng mga gawain sa Filipino sa Piling Larang-Akademik ay... | **Weighted Mean** | **SD** | **Interpretasyon** |
|---|---|---|---|
| 1. Naglalaman ng praktikal at eksperensyal na aktibidad. | 3.30 | 0.69 | Lubos na Naranasan |
| 2. May mga aktibidad na nakatutulong sa pag-unlad ng aking performans sa Filipino. | 3.43 | 0.65 | Lubos na Naranasan |
| 3. May mga gawaing interaktibo ang dinisenyo para sa pakikipag-ugnayan. | 3.37 | 0.62 | Lubos na Naranasan |
| 4. May maayos na pagkakasunod-sunod at istruktura. | 3.34 | 0.64 | Lubos na Naranasan |
| 5. Nagbibigay daan para sa hands-on at praktikal na karanasan. | 3.32 | 0.64 | Lubos na Naranasan |
| 6. May mga tanong na nakatuon sa mga mahahalagang konsepto. | 3.31 | 0.64 | Lubos na Naranasan |
| 7. May mga aktibidad na nagtataguyod ng pagkatuto sa aktwal na konteksto. | 3.41 | 0.64 | Lubos na Naranasan |
| 8. May mga gawain na nag-aanyaya ng malikhain at kritikal na pag-iisip. | 3.36 | 0.65 | Lubos na Naranasan |
| 9. May mga gawain na naaayon sa kurikulum. | 3.38 | 0.67 | Lubos na Naranasan |
| 10. May mga gawain na nagtataguyod ng pakikipag-ugnayan at kolaborasyon. | 3.34 | 0.73 | Lubos na Naranasan |
| **Average Weighted Mean** | **3.36** | **0.45** | **Lubos na Naranasan** |

Ang numerong 3.36 na may standard deviation na ±0.45 ay nagpapahiwatig na ang mga estudyante ay may malalim na pag-unawa at mahusay na kakayahan sa pagsagawa ng mga disenyo na kailangan sa kanilang mga eksperyensiyal na gawain. Ito ay isang positibong indikasyon na sila ay "lubos na naranasan" sa kanilang pagganap, na may mataas na kalidad at pagiging malikhain sa paggawa ng mga disenyo. Ipinapakita ng grand mean na ito na ang mga estudyante ay hindi lamang nakatamo ng sapat na kasanayan sa disenyo, kundi nagpakita rin ng mahusay na pagganap at komprehensibong pag-unawa sa mga aspekto ng disenyo sa konteksto ng Filipino sa Piling Larang Akademiko.

Batay sa pag-aaral Frontiers in Psychology (2020) Ang pananaliksik na ito ay nagsiyasat sa epekto ng mga interbensyon sa cooperative learning sa sosyal na pagsasama sa mga silid-aralan na may magkaibang populasyon ng estudyante. Natuklasan ng pag-aaral na ang cooperative learning ay may maliit ngunit makabuluhang epekto sa pagtanggap ng mga bata sa lipunan, na binigyang-diin ang kahalagahan ng tuloy-tuloy na pagpapatupad.

**Talahanayan 6. Resulta sa pagtataya ng mga estudyante mula sa HUMSS strand sa eksperyensiyal na mga gawain sa pagkatuto sa Filipino sa Piling Larang Akademiko batay sa Pagpapaunlad (development)**

| **Pagpapaunlad**<br>Sa bahagi ng pagpapaunlad sa Filipino sa Piling Larang-Akademik ay… | **Weighted Mean** | **SD** | **Interpretasyon** |
|---|---|---|---|
| 1. May mga materyales at kagamitan sa mga gawain na nakatutulong sa aking pagkatuto. | 3.41 | 0.64 | Lubos na Naranasan |
| 2. May mga gawaing nagbibigay ng sapat na pagkakataon para sa praktikal na aplikasyon ng mga natutunan. | 3.39 | 0.63 | Lubos na Naranasan |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 3| March 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

| | | | |
|---|---|---|---|
| 3. May mga kagamitang naglalaman ng malinaw at madaling unawaing mga panuto | 3.32 | 0.67 | Lubos na Naranasan |
| 4. May mga aktibidad na nagtataguyod ng kolaborasyon sa pagitan ng mga mag-aaral. | 3.28 | 0.66 | Lubos na Naranasan |
| 5. May mga gawain na sumasalamin sa mga layunin ng kurikulum sa Filipino. | 3.35 | 0.65 | Lubos na Naranasan |
| 6. May mga kagamitan at materyales na tumutulong sa mas mahusay na pag-unawa ng mga konsepto. | 3.36 | 0.68 | Lubos na Naranasan |
| 7. May mga nilalaman na akma sa aking antas ng pag-unawa. | 3.34 | 0.74 | Lubos na Naranasan |
| 8. May mga kagamitan na nakatutulong sa aking praktikal na pagkatuto. | 3.40 | 0.66 | Lubos na Naranasan |
| 9. May mga materyales na nagbibigay ng sapat na impormasyon para sa mga gawain. | 3.41 | 0.64 | Lubos na Naranasan |
| 10. May mga aktibidad na nagbibigay ng malinaw na halimbawa at gabay. | 3.39 | 0.69 | Lubos na Naranasan |
| **Average Weighted Mean** | **3.36** | **0.47** | **Lubos na Naranasan** |

Ang numerong 3.36 na may standard deviation na ±0.47 ay nagpapakita na ang mga estudyante ay "lubos na naranasan" ang mga gawain sa pagpapaunlad, na nangangahulugang may mataas silang kakayahan sa pagpapahusay at pagpapalawak ng kanilang mga ideya at konsepto sa Filipino sa Piling Larang Akademiko. Ang mataas na score na ito ay nagpapakita ng kanilang mahusay na pagsasagawa sa pagpabuti ng mga proyekto o gawaing kinakailangan ng mga aspeto ng development. Ipinapakita nito na ang mga estudyante ay may malalim na pag-unawa at kasanayan sa pagpapalawak at pag-enhance ng mga ideya, na may mataas na kalidad ng pagganap sa mga eksperyensiyal na gawain sa kursong ito.

Batay kay Manny (2019), ang mga guro ay dapat magpursigi at magpraktis upang mapabuti at maipaganda ang kanilang mga kakayahan upang mapahusay ang pag-iisip ng kanilang mga estudyante. Kinakailangan nilang maging handa sa aspetong pang-akademiko, ngunit hindi sapat ito. Mahalagang magkaroon sila ng kakayahan na magbigay ng inspirasyon at motivasyon sa kanilang mga estudyante. Hindi lamang ito tungkol sa kahandaan sa pagtuturo ng mga kasanayan, kundi pati na rin sa paraan ng pagbabahagi ng kaalaman. Ang asignaturang Filipino sa piling larang ay napakahalaga sa ninais na propesyon dito napapaunlad ang mga kasanayang nararapat na makamit tungo sa komprehensibong pagkatuto. Nararapat na ang guro sa asignaturang Filipino ay dalubhasa sa paksang-aralin sapagkat nakasentro dito ang dapat na makamit ng estudyante sa bawat talakayan.

**Talahanayan 7. Resulta sa pagtataya ng mga estudyante mula sa HUMSS strand sa eksperyensiyal na mga gawain sa pagkatuto sa Filipino sa Piling Larangan Akademiko batay sa Implementasyon (implementation)**

| **Implementasyon**<br>Sa bahagi ng implementasyon ng Filipino sa Piling Larang-Akademik… | **Weighted Mean** | **SD** | **Interpretasyon** |
|---|---|---|---|
| 1. Ang guro ay nagbibigay ng malinaw na instruksiyon sa pagsasagawa ng mga gawain. | 3.50 | 0.68 | Lubos na Naranasan |
| 2. Nakapagtatamo ng sapat na suporta ang mga mag-aaral mula sa guro habang isinasagawa ang mga aktibidad. | 3.45 | 0.67 | Lubos na Naranasan |
| 3. Ang mga kagamitan at materyales ay laging magagamit at handa sa oras ng mga gawain. | 3.28 | 0.66 | Lubos na Naranasan |
| 4. Ang mga gawain ay isinagawa sa isang ligtas at komportableng kapaligiran. | 3.43 | 0.66 | Lubos na Naranasan |
| 5. Ang mga mag-aaral ay may pagkakataon na magtanong at magbigay ng puna. | 3.38 | 0.67 | Lubos na Naranasan |
| 6. Ang guro ay nagpapakita ng suporta sa bawat hakbang ng aktibidad. | 3.43 | 0.64 | Lubos na Naranasan |
| 7. Ang oras para sa pagsasagawa ng mga gawain ay sapat. | 3.31 | 0.70 | Lubos na Naranasan |
| 8. Ang mga aktibidad ay naaayon sa iskedyul ng klase. | 3.36 | 0.70 | Lubos na Naranasan |
| 9. Ang mga materyales ay nagbibigay-daan para sa aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral. | 3.39 | 0.69 | Lubos na Naranasan |
| 10. Ang mga mag-aaral ay may sapat na oras upang maghanda para sa mga gawain. | 3.33 | 0.77 | Lubos na Naranasan |
| **Average Weighted Mean** | **3.39** | **0.49** | **Lubos na Naranasan** |

Ang numerong 3.39 na may standard deviation na ±0.49 ay nagpapahiwatig na ang mga estudyante ay "lubos na naranasan" ang implementasyon ng mga proyekto o gawain, na nangangahulugang nagpakita sila ng mahusay na kakayahan sa pagsasakatuparan ng mga plano at ideya na nakapaloob sa kanilang mga eksperyensiyal na gawain. Ang mataas na score na ito ay nagpapakita ng kanilang kasanayan sa pagganap ng mga aktibidad na nangangailangan ng aktwal na aplikasyon ng mga konsepto at kasanayan sa Filipino sa Piling Larang Akademiko. Ipinapakita ng grand mean na ito na ang mga estudyante ay may mataas na kalidad ng implementasyon, na nagmumungkahi ng kanilang pagiging malikhain, masigasig, at mahusay sa pagsasagawa ng mga gawain sa praktikal na antas.

Sinaliksik nina Leung, Ng, at Tsui (2024) ang pagpapatupad ng modelong ADDIE sa isang unang taon na kursong engineering na nakatuon sa disenyo, mga sistema, at pagsasama para sa mga real-world na aplikasyon. Itinampok ng pag-aaral ang mga positibong epekto sa mga malikhaing pag-iisip ng mga estudyante at kamalayan sa interdisiplinary kahit na ang ilang mga hamon tulad ng mabibigat na trabaho ay nabanggit.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 3| March 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 8. Resulta sa pagtataya ng mga estudyante mula sa HUMSS strand sa eksperyensiyal na mga gawain sa pagkatuto sa Filipino sa Piling Larang Akademiko batay sa Pagtataya (evaluation)**

| **Pagtataya**<br>Sa bahagi ng pagtataya sa Filipino sa Piling Larang-Akademik…. | **Weighted Mean** | **SD** | **Interpretasyon** |
|---|---|---|---|
| 1. Ang mga pagtataya ay makatarungan at sumasalamin sa mga layunin ng mga gawain. | 3.44 | 0.64 | Lubos na Naranasan |
| 2. Ang feedback na ibinibigay ay malinaw at nakakatulong para sa aking pag-unlad. | 3.39 | 0.58 | Lubos na Naranasan |
| 3. Ang mga pagtataya ay nagbibigay-daan para sa praktikal na aplikasyon ng mga natutunan | 3.35 | 0.64 | Lubos na Naranasan |
| 4. Ang mga resulta ng pagtataya ay ginagamit upang mapabuti ang mga susunod na gawain. | 3.41 | 0.64 | Lubos na Naranasan |
| 5. Ang mga mag-aaral ay binibigyan ng pagkakataon na magbigay ng puna sa mga gawain at pagtataya. | 3.36 | 0.66 | Lubos na Naranasan |
| 6. Ang feedback ay nakatutulong upang mapabuti ang aking kasanayan. | 3.47 | 0.66 | Lubos na Naranasan |
| 7. Ang mga pagsusuri ay may sapat na detalye upang maunawaan ang aking pagganap. | 3.36 | 0.65 | Lubos na Naranasan |
| 8. Ang mga pagtataya ay nagbibigay ng mga kongkretong halimbawa ng aking pag-unlad. | 3.36 | 0.65 | Lubos na Naranasan |
| 9. Ang mga resulta ng pagsusuri ay ginagamit upang mapabuti ang kalidad ng mga gawain. | 3.38 | 0.70 | Lubos na Naranasan |
| 10. Ang mga mag-aaral ay may sapat na pagkakataon upang makapagbigay ng kanilang puna tungkol sa mga gawain. | 3.39 | 0.65 | Lubos na Naranasan |
| **Average Weighted Mean** | **3.39** | **0.47** | **Lubos na Naranasan** |

Ang numerong 3.39 na may standard deviation na ±0.47 ay nagpapakita na ang mga estudyante ay "lubos na naranasan" ang proseso ng pagtataya, na nangangahulugang nagpakita sila ng mataas na antas ng kakayahan sa pagsusuri, pag-evaluate, at pagpapahalaga sa kanilang mga nagawang proyekto at gawain. Ang mataas na score na ito ay nagpapakita ng kanilang kasanayan sa paggawa ng mga makatarungan at masusing pagsusuri, pati na rin sa pagbibigay ng tamang feedback at rekomendasyon upang mapabuti ang kanilang mga output. Ipinapakita ng grand mean na 3.39 na ang mga estudyante ay may malalim na pag-unawa at mataas na kalidad ng pagganap sa proseso ng pagtataya, na isang mahalagang aspeto ng eksperyensiyal na pagkatuto sa Filipino sa Piling Larang Akademiko.

May mga epektibong pamamaraan ng pagtataya sa komunikatibong kasanayan sa wika tulad ng role-playing, impromptu speaking, at performance-based assessments. Bilang isang tagapagsulong ng asignaturang Filipino ay nararapat na maghanda ng mga nararapat na pagtataya sa spesipikong kasanayang pampagkatuto para makamit ng estudyante ang kalidad ng edukasyon. Batay kina Black & Wiliam (2018) May mga iba't ibang paraan at estratehiya sa pagtataya at ang bunga nito sa tagumpay ng estudyante, motibasyon, at pakikipag-ugnayan. Ang pagtataya ay nakapahalaga upang matukoy ang dunog ng estudyante nararapat na magbuo ng mga estratehiya upang maisagawa ito. Nanghihikayat ito ng magkaroon ng pagsusumikap ang mag-aarl batay sa naging resulta ng pagtataya. Ang guro ay maaaring gumawa ng indibidwal na pagtataya upang mahasa ang sariling kasanayan upang mapaunlad ang pakikipag-ugnayan ay maaaring magkaroon ng pangkatang pagtataya.

**Talahanayan 8. Resulta sa signipikong pagkakaiba ba ang pagtataya ng mga estudyante mula sa HUMSS strand sa praktikal na mga gawain sa pagkatuto sa Filipino sa Piling Larang Akademiko kapag ipinangkat batay sa Grado sa Filipino sa Piling Larang Akademiko propayl ng mga estudyante**

| **Praktikal na mga Gawain** | **Unang Markahan** | | | | **Pangalawang Markahan** | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | **H-test Computed Value** | **DF** | **p-value** | **Interpretation** | **H-test Computed Value** | **DF** | **p-value** | **Interpretation** |
| Indibidwal na Gawain | 19.87 | 4 | 0.001** | With Significant | 16.55 | 3 | 0.001** | With Significant |
| Pangkatang Gawain | 10.88 | 4 | 0.028** | With Significant | 9.27 | 3 | 0.026** | With Significant |

***Decision Rule:*** *If p val < α, Reject Ho; and If p val > α, Accept Ho*

Ang talahanayan 8 ay nagpapakita na lahat ng null hypothesis ay hindi dapat tanggapin at nagpapakita na may signipikong pagkakaiba ba ang pagtataya ng mga estudyante mula sa HUMSS strand sa praktikal na mga gawain sa pagkatuto sa Filipino sa Piling Larang Akademiko kapag ipinangkat batay sa grado sa una at pangalawang markhan sa Filipino sa Piling Larang Akademiko propayl ng mga estudyante. Ang resulta ay na nangangahulugang mayroong signipikanteng pagkakaiba sa pagtataya ng mga estudyante mula sa HUMSS strand sa praktikal na mga gawain sa pagkatuto sa Filipino sa Piling Larang Akademiko, kapag ipinangkat batay sa grado sa una

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 3| March 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

at pangalawang markahan sa Filipino sa Piling Larang Akademiko at propayl ng mga estudyante.

Ang hindi pagtanggap sa null hypothesis ay nangangahulugang may sapat na ebidensya upang ipakita na ang mga pagtataya ng mga estudyante ay hindi pare-pareho at may makabuluhang epekto ang kanilang mga grado sa una at pangalawang markahan sa kanilang pagganap sa mga praktikal na gawain. Sa madaling salita, ang mga estudyante na may mas mataas na grado sa una o sa pangalawang markahan ay may posibilidad na magpakita ng mas mataas na pagganap sa mga gawain sa Filipino sa Piling Larang Akademiko, habang ang mga may mababang grado ay maaaring may pagkakaibang pagganap sa mga parehong gawain.

Natuklasan sa isang pag-aaral na ang estilo ng guro sa pagtuturo ay may makabuluhang ugnayan sa pagkatuto ng wikang Filipino. Ang pagkakaroon ng iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo ay nagdudulot ng positibong epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral, partikular sa kanilang kasanayan sa wika. Ang resulta ng pag-aaral ay nagpapakita na ang mga guro na gumagamit ng mas malikhaing estilo ng pagtuturo ay nakapagpapabuti sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral (Galabo & Timosa, 2025).

Ayon sa isang pananaliksik, may makabuluhang pagkakaiba sa kahusayang panggramatika ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng interbensyon. Ang hindi pagtanggap sa null haypotesis ay nagpapahiwatig na ang p-value ng dalawang baryabol ay mas mababa sa antas ng kahalagahan, na nangangahulugang epektibo ang mga interbensyon sa pagpapabuti ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino (Misa, 2021).

**Talahanayan 9. Resulta sa Post hoc test ng pagtataya ng mga estudyante mula sa HUMSS strand sa praktikal na mga gawain sa pagkatuto sa Filipino sa Piling Larang Akademiko kapag ipinangkat batay sa Grado sa Unang Markahan sa Filipino sa Piling Larang Akademiko propayl ng mga estudyante**

| Unang Markahan | | Indibidwal na Gawain | | | Pangkatang Gawain | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Pangkat 1 | Pangkat 2 | p-value | U-Statistics | Interpretation | p-value | U-Statistics | Interpretation |
| Below 75 | 75 to 79 | 0.699** | 1 | Not Significant | 0.699** | 1 | Not Significant |
